

Dance of the Foolies
Dulang May Isang Yugto

Buod

Dahil ayaw nilang maging direktor ng kanilang institute ang atribidang si Elvie, nagkasundo ang magkaibang *chemist* na sina Helen at Mila na si Helen ang kanilang patakbuhing direktor. Upang manalong direktor si Helen, kailangan nilang maipanalò ang kanilang kolehyo sa *Faculty Follies* dahil ‘yun ang kondisyon ng kanilang dekanong s’yang mamimili sa susunod na direktor ng kanilang institute.

Hindi na masikmura ni Mila ang kahihyan sa pagsali sa kanilang *Faculty Follies* kaya nagpasya na lang itong tutukan ang kanyang pananaliksik sa nanosilica para sa kamatis upang maipa-aprub na ang kanya namang proposal para sa isang nanotechnology program. Sa kasamaang-palad, may katulad ding proposal si Elvie. At kakailanganin ang endorsement ng susunod na direktor ng institute upang umakyat ang kahit na anong program proposal. Nagkaroon ng magandang ideya si Helen upang hindi na kailanganin pa ni Milang maging katawa-tawa sa pagsali sa *Faculty Follies*. Magagawang mapaaprubahan na ang proposal ni Mila, maaari pang maging direktor ng institute si Helen.

Sa kamaang-palad, hindi lamang kahihyan ang kakailanganing lunukin ni Mila. Kailangan n’ya ring lunukin ang katotohanan tungkol sa kanilang pagkakaibigan at ang realidad pagdating sa buhay – hindi nagtatagumpay ang mga magagaling, hindi sapat ang kagalingan. Ang mga tuso lamang ang tunay na nagtatagumpay.

Dance of the Foolies

Mga Tauhan

Helen, 40s, ma-chika, matangkad, payat

Mila, 40s, seryoso, mataba, bansot

Unang Yugto

Opisina nina Helen at Mila. Sa gitna ay ang malaking bookshelf na punung-puno ng mga libro, mga trofeo nina Helen at Mila, at mga naka-frame na pictures nila habang hawak ang iba't ibang awards. Magulo ang pagkakasalansan ng mga libro at iba pang bagay sa shelf. Malapit sa shelf ay ang isang nakasabit na blackboard kung saan nakasulat ang: "Whatever It Takes, No To Elvie" na katabi naman ng "Menu for tomorrow: sarciadong manok at inihaw na baboy."

Sa kaliwa ay ang mesa ni Helen. Nakapatong ang mga may katamtamang laking kaldero ng ulam at ang bag ni Helen. May silya sa likod ng mesa kung saan nakapatong ang higit na malaking bag ni Helen at isang set ng kanyang damit pampasok. May malalaking supot at plastic bag din.

Sa kanan, ay ang mesa ni Mila. Maayos ang mga gamit nito: nakabukas na laptop, mga files, libro, at office supply. May silya rin sa likod ng mesang kinapapatungan naman ng malaking bag ni Mila at isang set ng damit pampasok. Sa bandang likod ng silya ay ang maliit na kusina. May lababo, hanging cupboard, at refrigerator. Sa cupboard ay may mga supot ng rice hull ash at mga botelya ng iba't ibang uri ng likido. May malalaking kaldero sa lababo.

Sa pagbubukas ng ilaw, maririnig ang isang tugtuging pang-ballet. Nagsasayaw sina Helen at Mila ng ballet. Kapwa sila naka-tutu, ballet shoes, nakaayos ang mga buhok na pang-ballerina. Nakakatawa ang kanilang pagsayaw, halatang hindi marunong mag-ballet. Bigay-todo

at seryoso si Helen samantalang si Mila ay patingin-tingin kay Helen, halatang hindi masundan ang steps. Bahagi ng routine: tatakbo si Mila kay Helen upang i-lift. Papalpak sila. Kapwa babagsak sa sahig. Mahihirapang tumayo.

Helen: H'wag ka kasing matakot. Sasaluhin nga kita.

Mila: I already fell face flat after tripping over the trail of the gown of that Theater Arts chair last year. Kung hindi lang ako direktor nu'n, I wouldn't have joined this foolishness.

Helen: E di papalitan natin kina Trina at Kathy 'yung ending para ikaw na lang ang sumalo sa akin.

Mila: I changed my mind. Ayoko nang maging laughingstock.

Helen: Kailangan ngang magmukha tayong katawa-tawa para manalo tayo e.

Mila: Kumuha ka na lang ng mga funny guys du'n sa Theater Arts.

Helen: Mga terror prof. ang patok sa audience.

Mila: Then gather all the other terror professors for your ballet segment.

Helen: Naka-leave si Magalit. At nag-retire na si Liwanag.

Mila: Ayokong mapilayan.

Helen: Akala ko ba tutulungan mo ako?

Mila: *(Papatayin ang tugtog)* To succeed me as institute director. Di 'yung mag-elicite ng cheap laughs which is what the Faculty *Foolies* is all about.

(Patlang. Kukunin ni Helen ang ilang trofeo mula sa shelf, ilalagay sa isang malaking bag. Hihilutin ni Mila ang binti.)

Mila: What are you doing?

Helen: Iuwi ko na lang 'tong mga Best Actress Awards ko sa Follies at baka mabahiran

ka pa ng pagiging *fool* ko.

Mila: I never said you were a fool.

Helen: *Follies* nga ang tawag mo e.

Mila: The Follies is for fostering camaraderie. It should not be used as basis for administrative decisions.

Helen: E sa gustong-gusto nga kasi talaga ni Dean na manalo ang college this year. Alam mo naman ang mga dean, matitinding magkantiyawan.

Mila: Then tell him to depend again on those people in Theater Arts.

Helen: Tatlong taon na nga tayong kulelat.

Mila: Akala ko ba magagaling ‘yung mga taga-Theater Arts? Follies lang, kulelat pa.

Helen: Sanay na ang lahat sa antics nila. Hindi na sila nakakatawa.

Mila: E di magpalit sila ng antics nila. ‘Yung matatawa uli sa kanila ang mga tao.

Helen: Ikaw ang kailangang nando’n. Siguradong panalo ang college ‘pag sumali ka. Walang mag-e-expect na bigla kang magpapatawa. At ‘pag walang nag-e-expect, ‘yun ang lalong nagiging katawa-tawa.

Mila: Don’t make it appear as if the chances of our college solely depend on me.

Helen: Kinausap ako ni Dean. Pilitin daw kita.

Mila: Inuna mo pa ‘yung sick request n’ya instead of my dignity?

Helen: Akala ko kasi, pareho tayo ng goal. (*Ituturo ang nakasulat sa blackboard*)
“Whatever It Takes, No to Elvie.”

(*Patlang. Isasama ni Helen sa pagliligpit ang mga tropeo ni Mila. Mapapansin ni Mila.*)

Mila: Ba’t pati awards ko iuuwi mo?

Helen: Kailangan na nating paghandaan ang pagiging direktor ni Elvie.

Mila: She's got nothing to do with my Outstanding Scientist Awards.

Helen: Di ba sabi n'ya sa mission-vision n'ya? "The institute will only serve the university, no personal interests."

Mila: Those awards were given by different associations of Chemists. Here and abroad. Honor 'yan sa institute and university natin.

Helen: Pangalan mo ang nakalagay. Personal.

Mila: You're being too literal.

Helen: Pinapakita ko lang sa 'yo kung pa'no mag-isip 'yung atribidang Elvieng 'yon.

Mila: Tanga lang talaga 'yun. Restless pa.

Helen: Tapos ngayon, ok lang sa 'yong s'ya ang maging direktor natin dito sa institute?

Mila: I already recommended you as my successor.

Helen: E sinabi na nga ni Dean, 'yung makakagawa lang ng segment na magpapanalo sa college natin sa Follies ang pipiliin n'yang direktor.

(Patlang. Patuloy si Helen sa pagliligpit ng mga tropeo. Lalapitan s'ya ni Mila, ibabalik ang mga tropeo sa shelf.)

Mila: Wala na tayong magagawa kung si Elvie ang piliin n'ya. Magsama sila. Pareho naman silang misaligned.

Helen: Masisikmura mo talagang maging direktor si Elvie? Elvie-em nga tawag mo du'n kasi parang laging may diarrhea ang bibig 'pag humihimod sa tumbong ng mga nasa admin.

Mila: Restless lang 'yun. Kaya nga sinabihan ko, seek professional help. She may have ADHD. And I meant no offense to Trina, ha?

Helen: Walang ADHD ‘yun. Himod puwet lang talaga at sobrang inggitera. Kaya sawsaw nang sawsaw ‘yun sa paggawa ng schedule of classes, e. Nagpapa-bida pa sa promotion. Pati sa consultancy saka sa research, mahilig pumapel. ‘Pag naging direktor ‘yun, siguradong pati mga personal na gamit na nilalagay natin sa mga office saka pati sa mga lab, pakikialaman din n’ya. Maniwala ka na, Mila. Basta inggitera, siguradong atribida.

Mila: I don’t care if she’s inggitera o atribida. Kahit nabubwisit ako sa kanya, I really don’t care kung ano ang ugali n’ya.

Helen: E ba’t nakisama ka pa sa stand ng ibang colleagues natin na whatever happens, no to Elvie?

Mila: I don’t like her to succeed me as director because she is misaligned. Doctor of Education with a few units in Chemistry. She couldn’t even take the board exam. Nothing to do with her ugali. She can be an angel for all I care, and I still won’t like her to be our institute’s director.

(Patlang. May kukunin si Heleng makapal na file mula sa kanyang drawer. Ibibigay kay Mila.)

Helen: Proposal ni Elvie.

Mila: Why would I read her proposal? Wala nga akong bilib sa kanya.

Helen: Materials science program.

Mila: Her grammar gives me a headache.

Helen: Binase sa nanotechnology program mo.

Mila: How can she do that? I did not give her a copy of my proposal. Ikaw nga mismo, di ko binigyan ng copy e.

Helen: Binigay daw ng admin staff sa kanya.

Mila: They have no right to do that.

Helen: Sila rin ang nagbigay sa akin.

Mila: Hindi dapat nakikialam ang admin staff sa program proposals ng faculty.

Helen: ‘Pag friendship nila ang humingi, binibigyan nila ng kopya.

Mila: Wala silang karapatang mamigay ng any document na sinubmit ng faculty unless utusan sila. They should be fired.

(Patlang. Gagamitin ni Mila ang laptop. Ibibigay muli ni Helen ang makapal na file kay Mila.)

Helen: Hindi inemail blast sa atin ang proposal ni Elvie, Mila. Sa admin staff ko nga ‘to nakuha.

Mila: I’m filing a complaint against them.

Helen: Madadamay ako ‘pag kinomplain mo sila

Mila: You should have known better.

Helen: Lalong hindi ako ang pipiliing direktor.

Mila: H’wag ka na ngang magdirektor. Hindi maganda ‘yung ang direktor, in cahoots with the admin staff in their misdemeanor.

Helen: Ang point dito, kinopya n’ya ang nanotechnology program proposal mo.

Mila: Pa’nong kinopya? Sabi mo materials science ‘yung sa kanya.

Helen: Basahin mo nga kasi.

(Kukunin ni Mila ang file. Babasa-basahin. Patlang. Matatawa-tawa si Mila habang nagbabasa.)

Helen: Natatawa ka pa d’yan? Ninakawan ka na nga ng idea.

Mila: *(Tumatawa-tawa)* Nuclear magnetic resonance spectroscope? Comparison microscope? Helen, it says here, biotage microwave reactor, gas chromatograph with mass spectrometer. May thermo ICAP RQ ICP-MS pa.

Helen: H'wag ka nang magulat, makukuha n'ya ang mga 'yan.

Mila: Bobo pala s'ya talaga e. These are not for materials science. These are for a biochemistry laboratory.

Helen: Kahit anong laboratoryo pa 'yan, ang importante siguradong matatayo n'ya.

Mila: No sane administrator will approve this.

Helen: Elvie-em nga. Magtatae lang ng kasipsipan ang bibig nu'n, siguradong mapapa-approve na n'ya 'yan.

Mila: (*Magbabasa*) "Materials science *are* an interdisciplinary *fields*." Etong grammar n'ya pa lang, diarrhea inducing na. No one will approve this.

Helen: Kumpare n'ya si Dean.

Mila: This will go way up to the President's Office.

Helen: Ninong ni Dean sa kasal si President.

(*Patlang. Magsisimula si Milang ayusin ang mga damit at sapatos n'ya.*)

Mila: The more that I should not join the *Foolies*.

Helen: Mas lalong dapat ka ngang sumali e.

Mila: I have to fast track my research on nanosilica so my nanotechnology program proposal will have a stronger justification than Elvie's hideous proposal.

Helen: E pa'no 'yung kailangang may endorsement muna ng institute direktor ang kahit na anong program proposal bago umakyat sa taas?

Mila: Then you really have to be institute director. Mas may alam ka naman kay Elvie.

Helen: Pa'no nga ako magiging institute director kung hindi mo ako tutulongang manalo sa *Follies*?

(Saglit. Patutugtugin ni Helen ang ballet music. Papatayin ni Mila ang tugtog. Pupunta sa refrigerator, kukuha ng isang plastic ng kamatis.)

Mila: I tried, Helen. Nakirehearse na ako sa ‘yo. But I really can’t.

Helen: Pwede naman nating ibahin ‘yung routine para siguradong hindi tayo mababalian e.

Mila: I can’t do it your way, Helen. I can’t stomach it. I’ll have the nanotechnology program approved by doing the right thing. *(Ipapakita kay Helen ang plastic ng mga kamatis.)* I’ll prove to them that nanosilica may increase the yield and raise the pest resistance level of Magilas tomatoes.

Helen: *(Kukunin ang mga kamatis)* Mas mapapakinabangan pa ‘tong mga kamatis kung isahog ko na lang sa sarciadong manok para bukas.

Mila: *(Babawiin ang bag ng kamatis, ilalagay sa bag)* H’wag mong igaya ang research ko du’n sa nakakadiring manok research ni Magalit.

Helen: Ano namang nakakadiri sa pagsagot sa katanungang, “Bakit kahit hindi naman nanganganak, dumarami pa rin ang mga bakla?”

Mila: That Magalit is a fool. Eating homosexual chickens does not make a person homosexual.

Helen: E dinnaan ni Magalit sa chromosomes. Nagmukhang scientific.

Mila: Hindi pwedeng mukhang scientific lang ang scientific research. Kailangang tama talaga.

Helen: Wala namang pakialam ang mga tao kung tama o mali ang research e. Basta magmukhang scientific, pwede na ‘yun.

Mila: That’s why they have the nerve to approve that stupid research proposal of

that even more stupid researcher Dr. Magalit.

Helen: Minamaliit mo si Magalit. Dapat nga gayahin mo ‘yung ginawa n’ya sa baklang manok proposal n’ya e.

Mila: Hindi ko s’ya minamaliit. Talagang stupid s’ya. And wala akong balak gayahin ang kahit anong proposal n’ya. I’m not stupid like him.

Helen: Genius nga e. Naisip na isama sa research project n’ya ang lahat ng mag-a-approve sa proposal. E di na-approve agad.

Mila: Gusto mong gayahin ko ang ginagawa ng mga taong walang ibubuga? I’m not like them.

(Patlang. Patutugtugin ni Helen ang ballet music. Sasayaw-sayaw. Papatayin ni Mila ang tugtog. Muling patutugtugin ni Helen, iikutan si Mila habang sumasayaw. Papatayin ni Mila ang tugtog. Muling patutugtugin ni Helen. Akmang papatayin ni Mila ang tugtog, pipigilan ni Helen ang kamay ni Mila.)

Helen: Maghuhugas ako ng mga kaldero. Kailangan ko ng music.

(Patlang. Maghuhugas si Helen ng mga kaldero. Babalik si Mila sa pagliligpit ng mga gamit. Ilang sandali pa, papataying muli ni Mila ang tugtog.)

Mila: I already synthesized Silicon supplements.

Helen: ‘Yung sarciadong manok, mapagkakakitaan ko na bukas. ‘Yang Silicon supplements mo, ewan ko kung kailan mo pa mapapakinabangan.

Mila: *(Kukunin ang mga plastic ng rice hull ash sa cupboard)* From rice hull ash.

Helen: Isama ko sa mga uling para mas malakas ang apoy ‘pag nag-ihaw ako ng baboy na katerno ng sarciadong manok.

Mila: You’re missing the whole point.

Helen: Ikaw ang hindi makakita ng point.

Mila: It has already been proven that adding Silicon in soils with low Silicon concentration enhances development, growth, and yield of many crop species.

Helen: Du'n nga pala ako sa bakanteng lupa sa likod n'yo mag-iihaw ng baboy bukas.

Mila: There are more than 200 known diseases for tomatoes. Kailangang magkaro'n ng genetic resistance ang mga kamatis.

Helen: Baka luma na 'yang mga Magilas kamatis mo ha? Mapapahiya ako sa mga suki kong estudyante at faculty.

Mila: There is now evidence that nanotitania penetrates into spinach seeds due to its small particle size. I can also prove that nanosilica will penetrate kamatis seeds more effectively than other Silicon supplements.

Helen: Kung magtanim na lang kaya tayo ng kamatis du'n sa bakanteng lupa sa likod n'yo?

Mila: You're not listening!

(Patlang. Kukunin ni Helen ang makapal na file. Maghahanap ng pahina. Ipapakita kay Mila.)

Helen: Masyado mong minamaliit si Elvie. Sinabi na kasing basahin mo.

Mila: Ba't ko pa babasahin? If she can't come up with a grammatically correct simple declarative sentence, how can she come up with a logically developed program proposal?

Helen: *(Ituturo ang pahina)* Ayan ang nanotitania mo.

Mila: *(Babasahin)* Ano'ng alam n'ya sa nanotitania? Educ lang s'ya.

Helen: Ginawang basehan 'yung Science Investigatory Project ni Kathy.

Mila: You were the only one who knew Kathy won in the Science Investigatory Contest. Di ko pinagkakalat ang achievements ng anak ko.

Helen: Alam ng mga high school teachers n'ya.

Mila: High school teachers pala, ba't makakarating dito?

Helen: Sila kasi 'yung mga hindi mo nirenew nu'ng direktor ka.

Mila: Their degrees are not aligned with the disciplinal anchors of our institute.

Helen: Kaya nga. Nandu'n na sila't nagtuturo sa high school. At sila lang naman ang malamang e nagbigay ng kopya ng Science Investigatory Project ni Kathy kay Elvie. Friendship n'ya 'yung mga 'yon, di ba? Ninang pa s'ya ng mga anak nu'ng iba.

Mila: From admin staff to those misaligned junior faculty, bakit all of a sudden biglang ang dami namang supporters ni Elvie-em?

Helen: Ba't hindi dadami ang supporters n'ya? E s'ya ang nanguna sa rally ng mga faculty at admin staff para mapatalsik kang direktor. Pinost pa nga n'ya sa Facebook 'yung mga pictures n'yang may dalang placards e.

(Patlang. Magpapatuloy si Mila sa pagbabasa ng file. Magpapatuloy si Helen sa paghuhugas ng mga kaldero.)

Mila: How dare her include nanotechnology. Everyone knows I have an ongoing proposal for a nanotechnology program.

Helen: Kailan ba naging mahalaga rito 'yung kung sino ang nagpropose? Ang importante lang dito, e 'yung kung sino ang unang ma-approve.

Mila: But the idea, Helen. The idea came from me. Parang pagnanakaw na rin 'to.

Helen: Nakawan na nga, Mila. Kaya kahit ano pang gawin mo sa mga kamatis, h'wag mo nang asahang ma-a-approve ang nanotechnology program mo. Ninakawan ka na ni Elvie.

Mila: *(Isasaintabi ang file)* They can't approve this. Wala silang alam. Magsama-sama man sila, I'm the only one who's an expert in nanotechnology.

Helen: Hindi ka pa natuto sa nangyari kay Liwanag e.

Mila: Dr. Liwanag retired with his intellectual integrity intact.

Helen: Intact nga, pero wala namang narating.

Mila: He retired as a well-respected professor in the university.

Helen: Nag-retire na assistant professor, Mila. Assistant Professor. Samantalang sa galing n'ya, dapat naging full professor na s'ya. Pero ano'ng ginawa nila? Iniipit sa promotion, di binibigyan ng administrative position, walang ina-approve na research proposals.

Mila: But he was consistently being consulted on issues regarding our discipline.

Helen: 'Yun na nga e. Kinonsult nang kinonsult. Pinag-isip nang pinag-isip. Pero 'pag nandya'n na ang project, 'pag nandya'n na ang funding, 'pag usapin na ng mga ipupwesto, itsapwera na s'ya. Gusto mong magaya ka sa kanya?

Mila: This is the last time na makakakuha sila ng idea from me.

Helen: Mila, iba ang magaling, iba ang tuso.

Mila: I'm not naïve, Helen.

Helen: Nilagay ka nilang institute director, tapos nu'ng naayos mo na ang mga undergrad at graduate programs natin, tinanggal ka rin nila. Naloko ka na nila, Mila. 'Yun ang kaibahan ng tuso sa magaling. Ang magaling, niloloko lang ng tuso.

(Patlang. Kukunin ni Mila ang ilan pang plastic ng rice hull ash. Magpapatuloy si Helen sa paghuhugas ng mga kaldero. Ilalagay ni Mila ang mga plastic ng rice hull ash sa kanyang bag.)

Mila: You can't use the vacant lot behind us for your inihaw na baboy tomorrow. You're right. Tataniman ko ng mga kamatis.

Helen: Di ba may mga tinanim ka nang kamatis du'n sa greenhouse ng Crop Science?

Mila: I'm giving them up. I'll conduct my experiment at home.

Helen: I-se-secret mo research mo?

Mila: Malalaman na lang nila 'pag published na. With that, I won't end up like Dr. Liwanag na kinuhanan lang nila nang kinuhanan ng ideas.

Helen: At pa'no 'yung nanotechnology program? Maglalagay ka rin ng nanotech lab sa bahay mo? Di ba kaya nga importante sa 'yong ma-approve 'yung program kasi marami kang gustong gawing research sa nanotechnology? Hahayaan mo na lang mabaon sa limot?

Mila: Once the nanotechnology program is approved, hindi na pwedeng magkopyahan sa research. We'll be required to publish our writeup. We really have to conduct the experiment. And have our writeup peer reviewed in reputable refereed journals. Hindi na pwede 'yung daya lang.

Helen: 'Yun ay *kung* magkakaró'n pa nga ng nanotech program.

Mila: Mauuso at mauuso rin ang nanotech sa Pilipinas. Mahilig sumakay sa uso ang mga colleagues natin.

Helen: 'Pag nagkaró'n tayo ng nanotechnology program dito, pustahan tayo, hindi ka nila isasama.

(Patlang. Magpapatuloy si Helen sa paghuhugas ng mga kaldero. Kukuha si Mila ng ilang botelya mula sa cupboard, ilalagay sa kanyang bag.)

Mila: Even if the college wins in the Follies, that won't stop the Dean from choosing his kumare.

Helen: Kinausap nga kami, di ba?

Mila: And how sure are you that he will keep his word?

Helen: Saksi 'yung dalawang admin staff ng Dean's office.

Mila: Subordinates n'ya ang mga 'yun. What they'll say won't matter to him.

Helen: Kinalat na nila ang usapan sa admin staff natin na kinalat naman ng admin staff natin sa ibang mga senior at junior faculty. Pati sa buong college, kumalat na. 'Pag hindi tumupad si Dean sa sinabi n'ya, siguradong pag-chichismisan s'ya. At alam mong ayaw na ayaw n'ya 'yon. Alam mong ayaw na ayaw n'yang nadudungisan ang kanyang pa-image bilang mabuting inaanak ng university president. Kaya ... *(Patutugtugin ang ballet music, pu-pwestong magba-ballet)* kung gusto mong matuloy na rin 'yang matagal mo nang pinapangarap na nanotechnology program *(gagalaw na pang-ballet)* at ma-approve ang mga research proposal mo ng walang ka-hassle-hassle tulad ng baklang manok ni Magalit *(i-e-extend ang kamay kay Mila)* sasayawan mo ang tugtuging gusto ng mga tuso.

(Patlang. Unti-unting lalapitan ni Mila si Helen. Magsasayaw sila. Ilang sandali pa'y biglang papatayin ni Mila ang tugtog.)

Mila: I did not graduate cum laude and received my master's and PhD degrees from Texas A & M only to continue making a fool of myself in front of one thousand people.

Helen: Wala na tayong magagawa. Ganito talaga ang sistema.

Mila: We should bring integrity and dignity back to our profession.

Helen: Naghahanap ka pa ng integrity and dignity? Mga *Foolies* nga ‘di ba?

Mila: “Tomato is a crop of great economic importance. In the Philippines, tomato fruit is regarded as one of the most profitable crops for off-season production.” Lu, Silva, Peralta, et. al., 2016.

(Biglang tatawa si Helen nang malakas. Tuloy-tuloy.)

Mila: The tomato is not a laughing matter, Helen!

Helen: Hindi ang kamatis ang pinagtatawanan ko.

Mila: I’m trying to apply nanotechnology on agriculture to help the Filipino farmers.

Helen: Hindi mo na pala kailangang mag-ballet, e. Tumayo ka na lang du’n sa stage, sabihin mo ‘yang sinabi mo, at siguradong dadagundong na ang buong auditorium sa hagalpakan ng mga faculty at estudyante. Sa’n ka nakakitang, usapin lang ng Follies, nagko-quote pa sa journal article?

Mila: I will not tolerate your insult.

Helen: At ano’ng gagawin mo? I-co-complain mo rin akong gaya ng ginawa mo kay Dean?

Mila: The Dean is an engineer. He has no business heading our college.

Helen: *Chemical* engineer.

Mila: Don’t play dumb. Applied ‘yun. Hindi basic science.

Helen: Kailangang matuto rin tayong manahimik para isipin ng ibang marunong tayong makisama.

Mila: Pakikisama has nothing to do with the disciplinal integrity of an academic unit.

Helen: Hindi ka nakikisama kaya nag-rally ‘yung mga faculty para patalsikin kang direktor

Mila: The former Dean sided with me.

Helen: Kung hindi lang ‘yun natakot na paulanan mo s’ya ng kung anu-anong complaint, first month mo pa lang as director, tinanggal ka na n’ya.

Mila: He believed in my administrative decisions, my integrity, and my vision for the institute.

Helen: Di ba sinabi na n’ya sa retirement party n’ya? Napilitan lang daw s’yang i-appoint kang direktor para sure na raw s’yang maging tahimik ang Institute of Chemistry. Kasi ‘pag ikaw na raw ang direktor, siguradong wala nang magcocomplain dahil ikaw lang naman ang mahilig magcomplain nang magcomplain.

Mila: He said it in jest. It was a joke.

Helen: Jokes are half meant.

Mila: *(Kukunin ang cellphone sa bag)* I’m going to clarify that joke with him.

Helen: Ultimo mga jokes pinapatulan mo. Tatatlong taon na nga lang ang term ng direktor, hindi ka pa pinatapos nitong bagong Dean dahil ang tingin sa ‘yo ng lahat, isa kang malaking sakit ng ulo.

Mila: I thought we shared the same stand, Helen. For a unit to prosper, all faculty members should have degrees based on the disciplinal anchors of the unit.

Helen: Pero hindi ibig sabihing basta mo na lang tatanggalan ng trabaho ang mga taong ito lang ang ibinubuhay sa pamilya nila.

Mila: We shouldn’t use our personal problems to destroy the disciplinal integrity of our institute.

Helen: Humihingi lang sila ng konting konsiderasyon.

Mila: For crying out loud, Helen. This is a university. This is not DSWD.

Helen: Hindi lahat ng nagtatrabaho dito, may asawang cardiologist.

(Patlang. Kukunin ni Mila ang mga damit n'ya. Dala ang mga ito, pupunta sa gilid ng refrigerator, magpapalit ng damit. Aayusin ni Helen ang sariling mga damit at sapatos.)

Mila: It wasn't my fault you got pregnant in college.

Helen: Hindi 'yan ang pinag-uusapan natin.

Mila: You dragged Willy into our conversation.

Helen: Para maintindihan mong hindi pare-pareho ang mga sitwasyon natin kaya hindi pwedeng basta mo na lang isaksak sa ngalangala ng mga taga-rito ang mga pinaniniwalaan mo.

Mila: I knew it. You're only running for director because of the additional compensation.

Helen: Tinatago ko ba? Alam mong isang dekada nang patigil-tigil sa trabaho si Ronald dahil walang eskwelahang magtiyaga sa isang faculty na dina-diabetes shock na nga, na-de-depress pa, at ngayon dalawang beses sa isang buwan na kung magpa-dialysis.

Mila: Kahit ano pa ang problema natin, it doesn't mean na isasakripisyo na natin ang kapakanan ng university to solve our problems. You know Elvie will only give our institute to the College of Education and the Dean will give our college to the College of Engineering.

Helen: E di ibigay nila. Kahit ano'ng institute o college pa 'yan, basta kumikita ako, wala na akong pakialam.

Mila: We're professors, Helen. Licensed chemists. Not everything is about money.

Helen: Hindi ikaw ang kailangang magbenta ng ulam at meryenda sa mga faculty at estudyante para madagdagan lang ang kakarampot na sinusweldo mo buwan-buwan.

Mila: So that's the real reason behind your "Whatever Happens, No to Elvie" stand.

Helen: Atribida nga, e. Malamang pakialaman ang pagtitinda ko.

Mila: You shouldn't be selling food here in the first place.

Helen: At pa'no ang dialysis ni Ronald?

Mila: You're a chemistry professor, Helen. Not a karinderya owner.

Helen: Anim na libo a week, Mila. Sa'n kukuha ng anim na libo a week ang chemistry professor para panatilihing buhay ang asawa n'ya?

Mila: I already told you before, do consultancy, do research. Come up with a product which can be patented and commercialized. Win awards beyond the best actress in the Follies.

Helen: Ikaw, mismo. 'Yang nanosilica mo, mag-i-isang taon na, hindi mo pa rin matapos-tapos.

Mila: Research takes time, Helen.

Helen: Hindi na makakapaghintay ng isang taon si Ronald. Nabubulag na s'ya, Mila. Nabubulag na.

(Saglit. Matatapos si Mila sa pagpapalit ng damit. Lalapitan si Helen.)

Mila: You never told me –

Helen: Masyado na kayong maraming naitulong sa amin ni Willy.

Mila: But we're friends. Shouldn't we be helping each other?

Helen: Malaking tulong na 'yung hindi mo kinomplain ang pagtitinda ko.

Mila: You know I'm against it. But I don't want to be the one to give you more problems.

Helen: Mila, nagawa mo na akong tulungan. Nagawa mo nang magbulag-bulagan. Sampung minutong pagba-ballet lang. Sapung minuto lang.

(Patlang. Kukunin ni Mila ang kanyang wallet mula sa kanyang bag. Magpapatuloy si Helen sa paghuhugas ng mga kaldero. Kukunin ni Mila ang isang picture mula sa kanyang wallet. Ipapakita kay Helen.)

Mila: After three decades, I still keep this.

Helen: Luma na pala. Ilayo mo. Baka mabasa ko lang.

Mila: First time we met. Third year high school. We were already talking about Feynman and his theory which helped develop nanotechnology. You were into it, Helen. You had potentials. You almost won in the quiz bee.

Helen: Potential lang, almost lang. Hindi totoong magaling. Kaya ang mga hindi totoong magaling, nagpapakatuso na lang.

Mila: You weren't tuso before. You didn't have to dance to the music of the mga tuso. You didn't reach the finals of a national science quiz bee because you were tuso. You reached it because you were magaling.

Helen: Matagal na tayong nasa university, Mila. Hindi mo pa rin ba niintindihan? Sa science quiz bee lang nananalo ang mga tunay na magaling.

(Patlang. Pupunasan ni Helen ang mga nahugasang kaldero at ilalagay sa mga plastic bag. Kukunin ni Mila ang isang file mula sa kanyang drawer. Ibibigay ni Mila ang file kay Helen.)

Mila: This is my original proposal. At first, I included you in the team. But I changed my mind. I thought you'd rather concentrate on your food business.

Helen: Gano'n naman talaga e, 'di ba? May mga taong sinuwerte na ngang mabiyayaan ng talino, biniyayaan pa ng yaman. Pwede tuloy ibuhos ang buong buhay para pag-aralan ang pinagsasasabi ni Feynman. Pero 'yung mga katulad kong biniyayaan

lang ng konting talino, kailangang ibuhos ang buong buhay upang hindi na muling malunod sa kahirapan.

(Patlang. Babalik si Mila sa kanyang mesa. Magpapatuloy sa pagliligpit ng mga gamit.)

Mila: They already required high school students to watch the Follies.

Helen: E di maganda. Makikita nina Kathy at Trina ang bunga ng pagtuturo nila sa atin.

Mila: Ayokong mapahiya kay Kathy.

Helen: Pa'no tayo mapapahiya kay Kathy? Sila nga ang nagturo sa atin.

Mila: Iba 'yung nagtuturuan sa bahay kesa pinagtatawanan sa one-thousand-seater auditorium.

Helen: E di sasabihan ko si Trinang yayain munang lumabas si Kathy 'pag tayo na ang sasalang.

Mila: They're excited to watch us. Not the whole Follies.

Helen: E di kunyari may emergency si Trina. Mag-si-CR o nag-a-anxiety attack.

Mila: You'll be forcing your daughter to lie.

Helen: Na-explain na natin sa kanila kung bakit importanteng sumali tayo sa Follies.

Mila: Kathy can't take it. One of her classmates was able to take pictures of the Follies when I fell flat on my face. That girl posted those pictures online. The comments are horrible. Kathy's been crying privately since then.

Helen: Pero 'pag tinuturuan naman nila tayo –

Mila: She wants to help you, Helen. And she didn't want to tell me that she's being bullied by her classmates for a year now. Ayaw n'ya akong sumugod sa school.

Helen: Pa'no mo nalaman kung ayaw n'yang sabihin sa 'yo?

Mila: Trina told me. Nahuhuli n'ya 'pag umiiyak sa CR. Trina didn't ask me to stop from helping you. She only wanted me na sumugod sa school so their classmates will stop from bullying Kathy.

(Patlang. Kukunin ni Helen ang isang nakabalot na regalo mula sa drawer ng kanyang mesa.

Ibibigay kay Mila.)

Helen: Pinabibigay ni Trina kay Kathy dahil siguradong s'ya na raw ang magva-
valedictorian.

Mila: Ba't di s'ya ang magbigay? Sila ang best of friends.

Helen: Nahihiya raw s'ya e. O siguro tingin ko, nasasaktan.

Mila: Kailan pa nagkaro'n ng rivalry between them?

Helen: Napag-usapan na namin ni Ronald. Habang wala uli s'yang trabaho, unahin na muna naming mag-ipon para sa mata n'ya. Di na muna magka-college si Trina.

Mila: Have her apply for scholarships.

Helen: Nasa lowest section nga ang inaanak mo.

Mila: Then tutor her so she can pass the entrance exam here para libre na ang tuition n'ya by virtue of your being an employee.

Helen: Hindi n'ya kakayanin ang aral dito. Maki-kickout at maki-kickout din s'ya.

Mila: Have a little faith in Trina. Kailangan lang n'ya to exert more effort and siguradong makakayanan naman n'ya.

Helen: Hirap makapag-concentrate ang mga may ADHD.

(Patlang. Kukunin ni Helen ang binigay na file ni Mila, ibabalik ito kay Mila. Tatanggapin ni Mila ang file.)

Mila: Helen, believe me. I understand why you're so desperate for the additional compensation which comes with being institute director. But I hope you also understand, my daughter's well-being is also important to me. I'm really sorry. I thought I can stomach it. But I can no longer help you.

(Biglang tatawa nang tatawa si Helen.)

Mila: What's funny?

Helen: Ngayon ko lang na-gets si Feynman.

Mila: Helen, we've been teaching Feynman for years.

Helen: Ano nga 'yung sabi n'ya? "There's plenty of room at the bottom." Plenty of room para sa mga nano, sa mga sobrang maliliit. Ba't di natin nakita agad? Ako ang nasa bottom, Mila. Ako ang maliit.

Mila: Hindi kita minamaliit, Helen. Sinasabi ko ngang magaling ka, e.

Helen: *(Pupunta sa shelf)* Ako ang may mga Best Actress trophies sa Faculty Follies na itinatabi sa mga Outstanding Scientist trophies mo. *(Babalik sa mesa)* Ako ang may mga kaldero sa mesa habang *(pupunta sa mesa ni Mila)* laptop, mga files, at mga libro ang nasa mesa mo. *(Pupunta sa blackboard)* Ako ang nagsusulat ng menu for the day para sa mga faculty at estudyante habang gumagawa ka ng research para sa nanotechnology. *(Lalong tatawa)* Inaral mo pa si Feynman, Mila. Umabot ka pa sa nanosilica at mga kamatis. Nandito lang pala ako. Ako ang maliit na nasa bottom. Sana ako na lang ang inaral mo.

Mila: Feynman wasn't being metaphorical.

(Patlang. Kukuha si Helen ng isang plastic ng mga kamatis mula sa refrigerator.)

Helen: Dahil mas maliit ang nanosilica kesa ibang Silicon supplement, 'yun ang

pinakamakaka-penetrates sa buto ng kamatis.

Mila: I already told you –

Helen: Hindi talaga nila aaprubahan ang proposal mo, kasi magaling ka.

Mila: That's a stupid reason. Na-a-approve ang program proposal kasi nga magaling ang proponent.

Helen: Basta magaling, kinatatakutan ng mga tao.

Mila: If takot sila, then the more that they'll approve my proposal.

Helen: 'Pag kinatatakutan, ayaw makita, ayaw makasama, ayaw makatrabaho. Sino'ng tanga ang gusto pang makita 'yung alam n'yang iko-callout s'ya sa pagiging tanga? Sino'ng tanga ang gusto pang makasama 'yung alam n'yang laging babarahin ang mga katangahan n'ya? At lalong sino'ng tanga pa ang gugustuhing makatrabaho 'yung alam n'yang makakabulgar sa tinatago n'yang katangahan? Natatakot sila sa 'yo, Mila. Pero sa akin, walang natatakot.

Mila: Because no one respects a Chemistry professor who sells ulam and meryenda in the office.

Helen: Walang kinalaman ang respeto sa takot ng mga tao sa magagaling. Takot nga, e. Ayaw mo nang makaharap pa. Gusto mong burahin na lang o kaya iniwasan mo.

Mila: If the magagaling are not respected, why did people keep on consulting Dr. Liwanag?

Helen: Pero bakit hindi nila prinomote? Ba't di nila binigyan ng pwesto? Ba't ayaw nilang aprubahan ang mga research proposal n'ya? Kasi, natatakot sila sa kanya.

Mila: Pa'nong natatakot? Ikaw na rin nagsasabing kinawawa lang nila 'yung tao.

Helen: Kasi ang taong takot, ‘pag nagkaroon ng pagkakataon, ‘pag biglang nawala na ang takot dahil tingin n’ya naging makapangyarihan na s’ya, gugustuhin nang durugin ang dating n’yang kinatatakutan.

Mila: They won’t be able to that to me.

Helen: Napatalsik ka nga nilang direktor e.

Mila: Because according to you I don’t know how to make pakisama.

Helen: ‘Yun lang ang dinahilan nila. Nademoralize mo raw sila. Ayaw na nilang magtrabaho kasi wala ka nang ginawa kundi punahin sila. Pero di mo ba nakikita? Inuto lang sila ni Elvieng magrally against you pagkatapos mo nang masubmit ang nanotech program proposal mo. To think, pagkaupong-pagkaupo mo pa lang, pinipilit mo nang i-pa-transfer si Elvie-em sa College of Educ.

Mila: She should really be in the College of –

Helen: Hindi nga ‘yan ‘yung point e. Wala na silang pakialam kung tama ka o hindi. Ang pakialam lang nila, nakakatakot ka, kasi nga magaling ka. At ‘yung takot, ‘pag nagtagal, nagiging galit. Kaya sa huli, ang gugustuhin na lang ng taong takot ay ang makaganti.

Mila: Wala silang igaganti sa akin because I never did them wrong. I only did the right thing.

Helen: *Foolies* nga, Mila. *Foolies*. Wala nang pakialam sa tama o mali. Basta ang gusto na lang nila, bumagsak, maisahan, o madurog ang magagaling. Gigil na gigil silang matalo o maloko nila ang magagaling kasi tingin nila ‘yun lang ang paraan para mapaniwala ang sarili nilang magaling din sila at hindi sila tanga. Ano ba’ng gustong-gusto ng tanga? Di ba ‘yung magmukha s’yang hindi tanga?

Mila: We're not compelled to deal with people's insecurities.

Helen: Compelled tayo, Mila. Compelled tayo kung gusto nating magawa ang mga sa tingin natin ay dapat ngang magawa. Kaya dapat, balikan natin si Feynman.

Mila: Feynman was a genius who did not allow other people's insecurities to get under his nerves.

Helen: Nano nga raw, di ba? Maliit. Kailangan nating magpaka-nano. Kailangan nating maging maliit.

Mila: By making fools of ourselves in the Faculty Follies?

Helen: Hindi kinatatakutan ang pinagtatawanan.

Mila: I'd rather be katakutan than pagtawanan.

Helen: 'Pag kinatakutan ka, pagpaplanuhan ka, pagkakaisahang parang si Liwanag na tinatapon na lang nila pagkatapos pakinabangan. Mila, nagawa ka na nilang patalsikin bilang direktor. Nakopya na ni Elvie ang nanotania mo. Sa tingin mo, hindi nila kakayaning agawin ang nanotechnology program mo para sila na lang ang magpa-approve?

(Patlang. Magpapatuloy si Mila sa pagliligpit ng mga gamit.)

Helen: Pa'no kung ako naman ang tumulong sa 'yo?

Mila: You're the one who needs money.

Helen: Tutulungan kita sa nanotechnology program mo.

Mila: You said it yourself, nanakawin din lang nila.

Helen: Hindi nila i-a-approve ang nanotechnology program mo hangga't pangalan mo ang nakalagay. Pero kung ako ang lalabas na proponent, magagawa kong mapa-approve kahit si Elvie pa ang maging direktor.

Mila: That's dishonest, unethical, and will only perpetuate your pattern of unprofessional behavior.

Helen: Gano'n ang sistema ng mga *Foolies*, Mila.

Mila: I don't want to be part of that *rotten* system.

(Patlang. Kukunin ni Helen ang file na nauna n'yang binigay kay Mila.)

Helen: Kung maka-rotten ka, akala mo ang linis-linis mo. Lumapit ka kay Elvie para tulungan ka sa proposal mo nu'ng kakaupo pa lang ni Dean. Ikaw ang nagbigay sa kanya ng kopya ng proposal mo. *(Ibabagsak ang file sa mesa ni Mila.)*

Mila: Because Kathy said she didn't want to end up like me. She didn't want to be like me who was ousted as director. I asked Elvie to help me to be director of something again to regain my daughter's respect. I never expected na kokopyahan lang pala ako ng Elvie-em na 'yun.

Helen: Pinapangako ako ni Elvieng h'wag ko raw sabihin sa 'yong alam kong lumapit ka sa kanya. Ayaw ka n'yang mapahiya. Kahit pa'no, marunong pa ring makisama ang mga *Foolies*, Mila.

Mila: But the *Foolies* are not trustworthy.

(Patlang. Kukunin ni Helen ang wallet ni Mila. Kukunin ang picture nila nu'ng high school.)

Helen: Tatlong dekadang dala-dala mo 'to. Sabi mo, para h'wag mong malimutan. Ikukwento mo sa magiging mga anak at apo mo. Sabi mo, dapat gayahin nila.

Mila: It's not that –

Helen: Lahat ng sagot sinesenyas mo sa akin. Gusto mong ako ang manalo sa science quiz bee kasi sabi mo, mas kailangan ko ang papremyong scholarship. Kailangang-

kailangan ko nga, Mila. Pero wala akong sinunod sa mga senyas mo. Di bale nang di ako makakuha ng scholarship, h'wag lang na nakawan kita.

Mila: But you're going to own my proposal, Helen. That is tantamount to pagnanakaw.

Helen: Sasayawan ko lang uli ang tugtugin nila. Pero 'pag tapos na ang sayaw, gagawin kitang co-director.

Mila: Everyone knows I'm the proponent of the program.

Helen: Pero hindi ikaw ang haharap sa kanila. Ako, Mila. Akong marunong makisama, marunong sumayaw sa gusto nilang tugtugin, akong hindi nila kinatatakutan dahil ang alam lang nila tungkol sa akin ay tagabenta ng meryenda at ulam.

Mila: The higher ups already read the proposal.

Helen: E di bagu-baguhin mo. Wala ngang nakakaalam d'yan sa pa-nano-nano mo kundi ikaw e. Si Elvie ngang may kopya na't lahat, hindi pa rin naintindihan. Pinagtawanan mo nga e.

Mila: I won't allow you to turn the nanotech facility into another karinderya.

Helen: Takeout, Mila. Wala kang makikitang mga kaldero kung saan tinatakal ang mga meryenda at ulam.

Mila: Nagtitipid ka nga e. Why would you spend more for containers?

Helen: (*Kukuha ng mga container mula sa drawer*) Sabi ni Trina, ganito na raw ang uso ngayon. Ginawan pa n'ya ng sticker. "Helen's Food Trip." Gusto mong palitan ko ng "Helen's Fool Trip"?

Mila: I don't want you hanging any board announcing your menu.

Helen: Gagawan na rin ako ni Trina ng FB page.

Mila: And how sure am I that you will keep your word?

Helen: Ilang taon na tayong magkaibigan. Ngayon ka pa ba naman mawawalan ng tiwala sa akin?

(Patlang. Kukunin ni Mila ang mga gamit. Maghahandang umalis.)

Mila: I don't know, Helen. It still doesn't sit well with me.

Helen: Ano'ng pruwera pa ba ang gusto mong ilabas ko para ipaalala sa 'yong kahit kailan hindi kita trinaydor?

Mila: I don't need "kahit kailan hindi trinaydor." What I need is "kahit kailan, hindi tatraydurin."

Helen: 'Pag trinaydor kita, walang mangyayari sa program. Magsasara at magsasara 'yun. Kailangang nandu'n ka sa program. Kailangang kasama kita. Nakikipagsayawan man ako sa *Foolies*, hindi ako tangang katulad nila. Hindi ako nag-i-ilusyong magaling ako. Alam kong ikaw lang ang magaling.

(Patlang. Kukunin ni Mila ang wallet, maglalabas ng pera. Ibibigay kay Helen.)

Mila: Here's payment for the tutu. Have it repaired for Trina.

Helen: Hindi na nga kita sinisingil para sa tutu.

Mila: When do you want me to work on the new proposal?

(Saglit. Biglang yayakapin ni Helen si Mila.)

Helen: Finally! Hindi na lang ako ang laging tinutulongan. Matutulungan na rin kita.

(Kukunin ang bag ng tutu) Ipa-repair mo na lang para kay Kathy. Wala pa akong graduation gift sa kanya e. *(Magbabalot ng ulam)* At tulad ng dati, eto'ng hapunan n'yo nina Willy. Pero ngayon, libre na. *(Ibibigay kay Mila)* Ngayon lang ako makakabawi sa lahat ng tinulong mo sa akin.

(Patlang. Tatanggapin ni Mila ang mga ulam. Maghahandang umalis si Mila.)

Mila: Hindi ka ba sasabay? Willy's fetching me.

Helen: Magpa-practice pa ako. Magso-solo na lang ako sa segment. Kailangang manalo uli akong best actress para mapasaya si Dean. Malay mo? Masungkit ko rin ang pagiging direktor ng institute. Dobleng compensation. *(Bibigyan ng ticket si Mila)* H'wag ka na palang bumili ng ticket. Friendship ko na ang lahat ng members ng organizing committee. Alam mo naman, ako ang undefeatable best actress ng *Foolies*.

(Kapwa matatawa sina Mila at Helen. Ihahatid ni Helen si Mila sa pintuan. Lalabas si Mila. Ila-lock ni Helen ang pintuan. Kukunin ang cellphone mula sa bag. Tatawag.)

Helen: Hello? Hello, Dean? Mission accomplished. Naku hindi po, Dean. Hindi po s'ya mag-co-complain. Sure na sure po. Labas na labas po kayo sa usapan. Hindi po magkakaproblema ang inyong image. Sabi naman sa inyo, sa tinagal-tagal ng friendship namin, alam na alam ko na po ang kiliti n'ya, e. *(Tatawa)* Konting drama, konting paawa, konting feed ng ego lang. *(Tatawa)* Parang kay Liwanag lang dati. *(Tatawa)* Daig talaga ng tuso ang magagaling. *(Tatawa)* Naku naman, Dean. S'yempre sa inyo ang loyalty ko. Pa'no akong hindi magiging loyal na loyal sa inyo e gagawin n'yo akong concessionaire sa canteen? Ready na nga ang mga container ko, e. *(Tatawa)* Naku, kalimutan n'yo na 'yung materials science ni Elvie. Hindi naman talaga alam ni Elvie 'yun e. *(Tatawa)* Ihanda n'yo na ang ten thousand cash incentive ng college para sa best actress. *(Tatawa)* S'yempre naman po, Dean. Nagpa-practice na nga po ako e. *(Tatawa)* Naku, hindi po. Hindi na po ako uli kakain ng apoy o sasayaw sa stilts. Magba-ballet po ako. *(Tatawa)* Siguradong nakakatawa po 'to. *(Tatawa)* Papadala ko sa inyo agad 'yung bagong proposal na

gagawin ni Mila para kayo na ang maglagay sa pangalan n'yo as proponent. Yes po, Dean. Of course, kayo na po ang magpapasa since kayo na nga ang proponent e. *(Tatawa)* Madali na 'yun, Dean. Galit nga du'n ang mga admin staff. Di 'yun makakakuha ng kopya ng proposal na s'ya pala ang gumawa. *(Tatawa)* Magugulat na lang 'yon, may nanotech program na at kayo ang nagpropose. Sabihin ko lang na pinaboran kayo ng ninong n'yong si university president. Di na 'yun makakasagap pa ng chismis. Alam n'yo naman ang magagaling, allergic sa feeling nila hindi magagaling. *(Tatawa)* Ako lang ang pinagkukunan n'ya ng chismis. Kaya relax lang kayo. Promise, di na 'yun mag-a-alburoto. Enjoy your dinner, Dean ha? Sarciadong manok at inihaw na baboy po ang menu bukas. Sige, po. Sige, po. Thank you. Ingat, Dean. Bye!

(Papatayin ni Helen ang call. Patutugtugin sa cellphone ang ballet music. Ihahanda ang set ng mga damit na pampasok at sapatos. Magsasayaw habang hinuhubad ang tutu.)

W A K A S